Mga kuwentong pambata mula sa Perez, Quezon

ANG ALAGA KONG TIGRE

Aspiring Citizens for Community Empowerment, Inc. (ACCEI)

BOOK 3.indd 1 11/6/2020 1:20:30 PM

PAMBUNGAD NA MENSAHE

Ang aklat na ito ay bunga ng programa ng Children's Educational and Developmental Assistance (CEDA) na inilunsad sa Perez, Quezon. Nakabatay ang akdang ito sa mga pili at pinaghabi-habing kuwentong kinatha ng mga batang benepisyado ng programa. Layunin nitong itampok at itaguyod ang kamalayan ng kabataan sa Perez hinggil sa usapin ng **mga karapatang pambata.**

Sa pamamagitan ng iba't ibang gawain sa tutorial sessions—gaya ng pagguhit, pagsulat, at pagbabahagi ng kanilang kuwento sa mga kapuwa mag-aaral—naging tulay ang proyektong ito upang himukin ang mga bata na maging aktibo sa pagpapahayag ng kanilang mga naiisip, nararamdaman, natututuhan, at nararanasan sa loob at labas ng bahay, paaralan, at maging sa kanilang mga komunidad, kaugnay ng batayang karapatang pambata. Sa proseso ay nakalikha sila ng kani-kanilang akda batay sa makukulay nilang obserbasyon, mula na rin sa sari-saring suliranin at personal na karanasang naglalarawan sa kanilang pagkabata.

Tunghayan natin ang ilan sa mga piling kuwento ng mahuhusay na bata mula sa Perez.

Ang Alaga Kong Tigre

Karapatang-ari © 2020 ng Aspiring Citizens for Community Empowerment, Inc. (ACCEI)

Reserbado ang lahat ng karapatan. Hindi maaaring kopyahin o gamitin ang anumang bahagi ng akdang ito, guhit man o teksto, sa anumang paraan, kahit na mimeograph o photocopy, nang walang nakasulat na pahintulot mula sa tagapaglathala.

Inilathala at ipinamamahagi ng
ASPIRING CITIZENS FOR COMMUNITY EMPOWERMENT, INC. (ACCEI)
4/F Tempus Place II, Makatarungan Road,
Central 4, Quezon City
1100 Philippines
Telepono: (+632) 3434-79-03
accessphils@yahoo.com

Pagsasalaysay at pagpapatnugot ni Sharmaine Hernandez
Ilustrasyon at layout ni Aaron Moises Bonete

ISBN 978-621-96338-3-3

Inilimbag sa Filipinas

ANG ALAGA KONG TIGRE

Aspiring Citizens for Community Empowerment, Inc. (ACCEI),
sa pakikipagtulungan sa RENGO

Maksin ang palayaw ng alaga kong tigre. Araw man o gabi, palagi ko siyang kasama.

Kapag mataas ang araw, naghahabulan kami sa parang hanggang sa maubos ang aking hininga.

At kapag lumilitaw ang buwan, nagbibilang naman kami ng mga bituin sa ilalim ng paborito naming puno ng mangga.

Kakaiba sa lahat ng tigre ang alaga kong si Maksin. Mataba at malambing ito, kaya tuwang-tuwa ako sa kaniya. Maamo ang kaniyang mga mata at malabahaghari naman ang kulay ng mga pantal sa katawan niya. Hindi rin mapakali ang buntot niyang mahaba, kapag siya ay masaya. Nakakita ka na ba ng tigreng tulad niya?

BOOK 3.indd 4-5 11/6/2020 1:20:35 PM

“Kokoy, halika’t kakain na!”

Naku, gabi na naman pala. Tinatawag na ako ni Mama para kumain ng hapunan, kasama si Lola. Kaya itinago ko muna si Maksin sa ilalim ng aking kama, bago nagmadaling lumabas at pumunta sa mesa. Paborito pala ni Maksin ang pinangat na isdang ulam namin ngayong gabi! Paano ko kaya siya maipagtitira?

Nakakatatlong subo pa lang ako ng kanin nang marinig ko na naman mula sa labas ang mabibigat na yabag. Parang biglang lumamig ang hangin sa paligid kaya binilisan ko ang pagkain.

Kumalat ang amoy ng tsiko at tumindig ang aking mga balahibo. Biglang hindi na ako makalunok, kaya tumayo at tumakbo na lamang ako pabalik sa kuwarto.

BOOK 3.indd 6-7 11/6/2020 1:20:38 PM

"Maksin?" Bulong ko, habang hinahanap sa dilim ang alaga kong magtatanggol sa akin. Nakabibingi na naman ang kanilang bulyawan sa labas. Hindi ko pa rin mahanap si Maksin.

Naririnig ko na ang pag-iyak ni Lola. "Max, tama na," ang muling pakiusap niya. Tinakpan ko nang mabuti ang aking mga tainga.

BOOK 3.indd 8-9 11/6/2020 1:20:41 PM

Nang magising ako, mainit na ulit ang sikat ng araw at masaya nang humuhuni ang mga ibon. Nakatulog pala akong katabi ang aking papel at mga krayola. Saglit kong pinagmasdan ang naiguhit ko kagabi. Nanlilisik ang mga mata ni Maksin dito at nakalabas pa ang kaniyang mga pangil. Isang papel na tigreng galit na galit. Pinunit ko ang aking drowing.

"Ma, bakit lagi na lang galit si Papa?" Napahinto sa pag-inom ng tubig si Mama nang marinig ang tanong ko. May bago na namang pulang pantal sa braso ni Mama. "Marami lang siyang problema, anak," ang paliwanag niya.

"Hindi tama ang ginagawang paglalasing at pagpapabaya ng Papa mo, Kokoy," ang sabi naman ni Lola. "Kahit ano pa ang problema niya, tungkulin pa rin niyang alagaan kayo ng Mama mo bilang pamilya niya. Karapatan ninyong makatanggap ng pagmamahal at suporta mula sa kaniya." Hindi ko na napigilang mapaiyak sa sinabi ni Lola. "Mahal naman po ako ng alaga kong si Maksin," ang mahina kong tugon. Hindi na yata ito narinig ni Lola kaya ngumiti na lang siya.

BOOK 3.indd 10-11 11/6/2020 1:20:44 PM

Pagbalik sa kuwarto, kinuha kong muli ang papel at mga krayola. Sinimulan ko ang pagguhit kay Maksin. Sa bago kong drowing, tumatalon siya sa saya, kasama sina Mama at Lola.

Mamaya, iguguhit ko rin ang aking sarili at lalagyan ito ng napakalaking ngiti. Magdaragdag din ako ng drowing ng mga puno ng mangga at humuhuning ibon sa labas ng aming bahay. Pupunuin ko ito ng kulay at masasayang bagay.

Sa papel na ito, iguguhit ko ang pinakamagandang larawan ng aming pamilya.

BOOK 3.indd 12-13 11/6/2020 1:20:48 PM

Pag-usapan natin!

#1 Paano naiiba si Maksin mula sa karaniwang tigre?

#2 Masasabi bang totoo at makatotohanan ang paglalarawan ni Kokoy sa kaniya? Bakit o bakit hindi?

#3 Ano ang malaking suliranin ng kanilang pamilya? At paano hinaharap ni Kokoy ang suliraning ito?

#4 Subuking ipaliwanag ang wakas ng kuwento. Ano kaya ang nadarama ni Kokoy habang idinodrowing si Maksin at ang kanilang pamilya?

#5 Ano-anong karapatang pambata ang makikita sa kuwento? At alin sa mga karapatang ito ang nakikita o nagagamit mo na rin sa totoong buhay?

BOOK 3.indd 14-15 11/6/2020 1:20:52 PM

CHILD'S RIGHTS

Tampok sa kuwentong ito **ang karapatan ng mga bata sa proteksiyon mula sa karahasan, pang-aabuso, at pagpapabaya**. Sa Artikulo 19 ng United Nations Convention on the Rights of the Child, nakasaad ang pangangailangan para sa proteksiyon ng mga bata mula sa anumang anyo ng pang-aabuso at pagpapabaya ng mga magulang o ng sinumang kumakalinga sa kanila. Bahagi rin ng tungkulin ng gobyerno ang tiyaking nagagampanan ng mga magulang o tagapagkalinga ang kanilang responsibilidad sa pagtataguyod ng mabuting kapakanan ng mga bata.

BOOK 3.indd 16-17 11/6/2020 1:20:55 PM

Pasasalamat

Nagpapasalamat ang pamunuan ng Aspiring Citizens for Community Empowerment, Inc. (ACCEI) at mga kawani sa Perez para sa aktibong pakikiisa at pakikisama ng mga benepisyadong magulang, bata, at mga miyembro ng KAMALAYAN sa mga aktibidad na inilunsad ng programang Children's Educational and Developmental Assistance (CEDA);

Gayundin sa mga namumuno sa munisipyo ng Perez, sa mga pinuno at opisyal ng mga barangay, sa mga guro at prinsipal ng mga Paaralang Elementarya ng Perez-West at Perez-Central para sa kanilang tulong at tiwala sa mga layunin ng programa;

Kasama na rito ang ACCESS-Japan na patuloy na umaalalay sa pagsusulong ng mga kapakanan at **karapatang pambata**; at

Higit sa lahat, sa organisasyon ng RENGO na nagtiwala sa ACCEI at sumuporta sa mga adhikain ng programa, sa pamamagitan ng paglilimbag at paglulunsad ng tatlong aklat na inakda ng mga batang CEDA.
Mabuhay po kayong lahat!

Patnugot
Sharmaine Hernandez

Isang guro at mag-aaral ng panitikang Filipino si Sha Hernandez. Kasalukuyan siyang nagtatapos ng masterado sa Pamantasang Ateneo de Manila, kung saan din siya nagtuturo. Nagsilbi siya bilang Senior Editor sa Anvil Publishing, at ngayon bilang Project Coordinator ng *Láwas* sa Adarna House. Noong bata pa lamang siya, pinangarap niya ang magbasa nang magbasa ng mga paborito niyang libro hanggang sa kaniyang pagtanda.



Ilustrasyon at Layout
Aaron Moises Bonete

Si Aaron Bonete ay isang LGBTQ rights advocate at artistang bakla. Kasalukuyan siyang nakabase sa Lucena City. Nahasa niya ang kaniyang kakayahan at talento sa sining-biswal sa pag-aaral ng Fine Arts sa Manuel S. Enverga University, at higit sa limang taong pagtatrabaho sa iba't ibang organisasyon, publikasyon, at ahensiya bilang graphic designer at illustrator.

BOOK 3.indd 18-19 11/6/2020 1:20:58 PM

Isang kakaibang tigre ang alaga ni Kokoy. Maksin ang tawag niya rito, at talaga namang mataba at matangkad ito. Kakulay rin ng bahaghari ang mga pantal sa katawan nito. Mahilig din itong maglambing at makipaglaro, kaya mahal na mahal niya ito. Nakakita na ba kayo ng tigreng katulad ni Maksin?

Halina't samahan natin si Kokoy sa pagguhit sa kaniyang alagang tigre. Sabay-sabay nating tunghayan ang kanilang pagkakaibigan, sa kuwento ng mga bata mula sa Perez, Quezon.

Aspiring Citizens for Community Empowerment, Inc. (ACCEI),
sa pakikipagtulungan sa **RENGO**